こどものことばどうする？　タガログ語版　TAGALOG

Pagpapalaki sa salitang hapon? Pagpapalaki sa sariling wika?

# Ano ang gagawin sa wika ng mga bata



Nang narinig naming unang nagsalita ang aming anak, kami ay nakaramdam ng saya bilang magulang.

Kami ay nasasabik na isipin kung anong klaseng pakikipag-usap ang gagawin namin habang siya ay lumalaki, hindi ko lubos maisip na magsisimula na siyang matuto at matandaan ang mga salita simula ngayon.

Ang mga dayuhang magulang pag nagpapalaki ng anak sa japan, maraming bata ang pinapalaki sa kapaligiran na tumatalakay ng maramihang salita.

## NPO MIRAI Corporation

Ang Mirai ay ang salon para sa mga magulang na may anak edad 0 hanggang 6.
Para sa mga impormasyon tungkol sa amin
Facebook NPO法人みらい(NPO houjin MIRAI) (fb.me/mirai.chiryu)




## 1 Ano ang wika?

Ang wika ay kailangan sa pakikipag-usap

Sa salita maipapahayag mo kung kumusta ang araw mo, ang pakiramdam mo, pakiramdam ng iba. Magkakaintindihan kayo at lalalim ang samahan.

Ang layunin ng salita ay hindi lamang makipag-usap kundi "mag-isip" "maggunita""umintindi". Mahalaga na mapaunlad ang gayong kapangyarihan. Ito ang pundasyon ng mayamang wika, mayamang kasanayan sa bukabularyo at pagpapahayag para umunlad ang buhay ng bata.

Ang sariling wika ay ang pundasyon ng mayamang salita.
Sana ay matuto ang ating mga anak ng maraming salita.

Ang mga bata ay natututo ng salita pag may kaugnayan sa araw araw na sitwasyon.




## 2 Ano ang sariling wika?

May mga iba ibang paliwanag ang sariling wika.
Sa pagkakataong ito,nangagahulugan na ang sariling wika ang unang maririnig ng anak. Karamihan sa mga bata ginagamit ang sariling wika.

Ang paggamit ng sariling wika ay importanteng bagay, kung ang pag unlad sa pag-aaral ay mabilis ang susunod na salita ay magiging matagumpay. Pag ang sariling wika ay di buo,ang susunod na salita ay di rin completo.

Mahalaga ang sariling wika sa pagpapalaki ng anak.

# 3 Para sa anak,kailangan ba gamitin ang salitang hapon sa bahay?

Sa ano mang paraan,pwede silang palakihin ng magulang sa salita kung saan sila matatas. Hindi nyo na kailangan na pilitin silang palakihin sa salitang hapon.

Para himukin ang mga bata na matuto ng maraming salita, para umunlad ang abilidad sa pag-iisip at kapangyarihan sa imahinasyon, mahalaga sa magulang na kausapin sila sa salita kung saan may tiwala. Ang bata na pinapatnubayan ng magulang ng maayos na pundasyon, ay matututo ng maraming bagay kahit na pumasok sila sa nursery o sa paaralan.

Pag pinalaki ng magulang ang mga bata sa may tiwala ng salita, pwede pa rin silang mag-usap ng mga iba ibang bagay hanggang sa sila ay lumaki, pwede silang mag usap tungkol sa mga pag aalala,mga nangyayari sa paaralan at iba pa, at poprotektahan sila ng kanilang kumunikasyon sa magulang. At kung ang anak ay marunong ng dalawang salita pwede siyang maging bilingual. Sinasabi na ang taong bilingual ay may kakayahan sa iba't-ibang aspeto sa buhay.

Sa ibang banda,para sa magulang na hindi tiwala sa pagpapalaki sa anak sa salitang hapon, mahihirapan ang pundasyon ng sariling wika. Pag ang anak ay pumasok na ng nursery o paaralan at hindi pa umunlad ang salitang hapon,siya ay magiging double limited. At habang lumalaki ang bata,may mga pagkakataon na ang magulang at anak ay nawawalan ng maayos na kumunikasyon. Totoong nangyayari na pag ang anak ay nakagawa ng mali, ang magulang ay nahihirapang sabihin sa anak na siya ay nakagawa ng mali sa pamamagitan ng "salita"at ang mga bata ay hindi na humihingi ng payo sa magulang kasi iniisip ng anak na hindi sila maiintindihan ng magulang.




Sa anak ko（ano ito?）(bakit?)
Makakasagot sa salitang may kompiyansa

※Ano ang double limited?

Ang ibig sabihin ay wala silang abilidad na magsalita ng hapon o kaya sariling wika,maaaring hindi sila matuto ng maayos sa paaralan.





Para sa anak ko na nag-aaral ng hapon sa nursery at paaralan.

# 4 Paano ko papalakihin ang anak ko sa sariling wika

**1 Importante na gumawa ng kapaligiran na ginagamit ng maayos ang dalawang salita.katulad ng sariling wika sa bahay at hapon pag nasa labas.**

Pagka hinalo ang hapon at sariling wika, gagamitin ng bata ang mas madaling salita. Kahit na kausapin siya sa sariling wika, sasagot siya ng hapon at vice versa. Gumawa tayo ng alituntunin sa bahay na sumagot sa sariling wika.

**2 Bigyan natin ng halaga ang pakikipag-usap sa mga anak.**

Huwag ninyong hahayaan na palaging nasa harap ng T.V. at smartphone ang inyong anak,hayaang mag-isip ng sarili at pahalagahan ang mga pagtatanong at paglalaro.

**3 Magbasa tayo ng larawang libro.**

Ang larawang libro ay napakahalaga sa pag-aalaga ng wika. Matututo ka ng maraming pinagsama samang salita. Gayundin pag pumasok sa loob ng mundo ng larawang libro, lalawak ang iyong imahinasyon ng pakiramdam at pagiging karakter ay makakadagdag ng pagka sensitibo at abilidad sa pag-iisip.

**4 Makipag-usap sa lolo,lola at mga kamag-anak sa inyong sariling bansa.Dumalo sa mga pagtitipon kasama ang mga kaibigan na nakakapag salita ng parehong wika at gumawa ng kapaligiran na dama ang sariling wika.**

※Kahit na magpursigi sa bahay,ang sariling wika ay maaaring humina, sa nursery o paaralan ang bata ay hindi man lamang masabi sa salitang hapon ang nais ipabatid. Pakinggan natin mabuti ang gusto nilang sabihin at subukanang intindihin ang kanilang damdamin.

**Mag asawang dayuhan na mayroon mag-kaibang wika**

Kung ang wika ay magkaiba sa bawat isa, magkaroon ng patakaran sa bahay, katulad ng pakikipag-usap sa nanay sa ○○ na wika, kay tatay sa △△ na wika. Isipin natin ang pinakamahusay na pagpapalaki sa bawat tahanan.

**Boses ng nanay 1**



para mapangalagaan ko ang paggamit ng sariling wika ng aking anak , pumupunta kami sa simbahan para madagdagan ang opportunidad para gamitin ang wikang Portuguese.

Nanay: Chayamiti Mari (Brazil )
Anak: Yukari (pinanganak sa Japan)
Si yukari ay nagtatrabaho bilang bilingual na guro sa ngayon.

5

**Sapat na ba ang nalalamang hapon ng aking anak?
Nag-aalala ako kung magiging maayos ba siya sa paaralan ng japan?**



# Para sa mga bata na nag-aaral sa paaralan ng Japan.

## Mabilis bang natututo ang aming anak ng salitang hapon?

Ang salitang ginagamit sa pang araw-araw ay iba sa salitang ginagamit sa pag-aaral sa iba't ibang paraan..

Ang salitang ginagamit ng mga bata sa pang araw-araw na buhay ay normal na ginagamit sa pakikipag-usap at paglalaro. Sinasabi na ang salita sa pang araw-araw na pakikipag-usap ay pwede matutunan ng 1~2 taon, habang ang pormal na salita sa pag-aaral ay 5~7 taon.(case by case basis)

At kahit na magaling na magsalita, kailangan pa rin obserbahan ng matagal sa bahay.

Ang batang maraming natututunang iba't ibang salita sa sariling wika ay mas may maayos na pang unawa sa pag-earal.



## Ano ang magagawa ng magulang para sa anak.

① Makinig ng mabuti sa anak tungkol sa nursery o paaralan.

② Kahit na hindi nakakaintindi ng hapon ang magulang, Ang pagiging interesado sa pag-aaral ng anak ay mahalaga. Importante rin na ugaliing sama samang matuto ang pamilya.

③ Mahalaga ang paggamit ng sariling wika, pero huwag din kakalimutan ang salitang hapon. Parehong mahalaga ang sariling wika at hapon. Kailangan ipakita ng magulang ang positibong saloobin patungo sa wikang hapon at kultura nito.

④ Bukod sa pag-aaral,ang mga karanasan tulad ng iba't –ibang laro, relasyon sa kaibigan ay napakabuti sa buhay paaralan. Magkaroon ng iba't-ibang karanasan bago magsimula ang pasukan



**Boses ng nanay 2**

Sinubukan kong kumpirmahin kung nakagawa na ng kanyang homework ang aking anak,at hindi nya maintindihan,tinulungan kami ng aking kaibigan.

Nanay: Furuya Luzia (brazil )
Anak: Mariane
(1 yr. and 8 mo ng pumunta sa Japan.)
Si mariane ay pumunta sa france bilang exchange student ng siya ay college at siya ay nagtatrabaho sa kilalang kompanya ngayon.

## Kung pinahahalagahan ng magulang ang sariling wika, hindi na ba mahalaga ang salitang hapon?

Bigyan halaga ang sariling wika sa bahay. Pero pag nasa labas ito ay lipunan ng hapon. Kung nais ninyong palakihin ang anak sa bansang Japan mas mabuti na maintindihan ang kanilang wika at ang pakikipag-usap sa guro sa nursery at paaralan.

Kumalap ng mga impormasyon ukol sa patakaran ng edukasyon sa bansang hapon.

# Nais pang malaman! Q&A

## Q1 Nalilito ba ang anak kung nagsasalita ng iba't-ibang salita simula ng siya ay pinanganak?

Ang anak ay hindi malilito kung gagawa ng patakaran, katulad ng ginagamit sa bahay at sa labas, katulad ng pakikipag-usap sa nanay sa ○○ na wika, kay tatay sa △△ na wika

Hindi dahil sa hinati ang salita,ang pag-unlad ng katalinuhan ng bata ay mahuhuli, at hindi ito makakasira sa kanyang pagkatao. Kung ihahambing sa monolingual,sila ay may posibilidad upang makipag-usap at mamuhay sa iba't-ibang uri ng tao at hindi lilikha ng hadlang sa ibang tao.

## Q2 Ginagamit namin sa pagpapalaki ang sariling wika sa bahay,Nahihirapan ang aming anak magsalita sa nursery.kailangan ba gamitin din ang salitang hapon sa bahay?

Malamang nakikinig lang ng tahimik ang inyong anak at natututo. Minsan may proseso para matuto ng salita. Ang ibang bata natututo ng tahimik, ito ay tinatawag na silent period. Sa halip na magpalit ng salitang hapon, makinig ng maigi sa anak sa sariling wika tungkol sa nursery at maghintay ng konting panahon ay mahalaga.

## Q3 Hatiin ang salita,sariling wika sa bahay at salitang hapon sa nursery,tila mabagal matuto ang aking anak kumpara sa ibang bata,tama ba ito?

Habang ang bata ay lumalaki ng dalawa o higit na wika,inaasahan na medyo mabagal ang pag-unlad ng wika kumpara sa iba. Kung nag-aalala pwede humingi ng payo sa ahensya tulad ng health center.

## Q4 Ang pag-iwan sa bata sa nursery at paggugol ng mahabang oras doon kaysa sa bahay, hindi karaming oras para sa kanya upang malaman ang sariling wika, mayroon bang mahusay na maaaring gawin sa bahay?

Sa paggugol ng mahabang oras sa nursery,ang pagkakataon para matuto ng sariling wika ay nababawasan, ngunit kung ang magulang ay isasa-alang alang ang pakikipag-usap sa bata gamit ang rhytym play, mga kanta, larawan libro, ang pagkakataon upang bumuo ng mas mabilis na pag-aaral sa sariling wika ay uunlad.

## Q5 Hindi kami hapon pero pinapalaki namin ang aming anak sa salitang hapon,mali ba ito?

May mga magulang na hindi hapon pero namumuhay sa lipunan ng Japan at marunong magsalita ng hapon,ang mga taong ito ay bilingual. Ang mahalaga ay ang kompiyansa ng magulang sa pakikipag-usap sa kanilang anak sa pagpapalaki dito. Hindi ibig sabihin na porke't hindi ka hapon,hindi mo na pwede palakihin ang anak mo sa salitang hapon.

～Sa pagwawakas～

Mayroon iba't ibang mga kalagayan at kapaligiran ang bawat tahanan. Ang magulang ang magpapasya para sa wika na gagamitin ng anak sa bahay. Talakayin ito ng maigi sa bawat tahanan.



Ang pamphlet na ito ay nilikha ng NPO MIRAI AICHI prefecture (modelong proyekto para sa mga banyagang mga magulang para sa pagpapalaki ng anak)
Nakajima Kazuko (2000) (wika at pag-aaral) overseas child education promotion foundation
Matsumoto Kazuko (2016/12/12) NPO MIRAI corporation(nag-iisip ng wika ng mga bata na may banyagang lahi)
The materials distributed
Murakami Kyoko (2017/1/20/) NPO MIRAI corporation(nag-iisip tungkol sa wika para sa mga bagong magulang)
The materials distributed
Aichi ken2009年) Pre-school manual